

Mga Karapatan at Responsibilidad ng Pasyente

Pinagtatibay ng Children's HealthSM ang bawat karapatan ng pasyentena tumanggap ng pangangalaga na inihatid sa isang may konsiderasyon, may galang, may dignidad na at komportableng paraan. Bilang isang magulang, tagapagbantay o awtorisadong kinatawan ng isang pasyente sa Children's Health, may karapatan ka na tumanggap ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at ang mga patakaran ng ospital na may kaugnayan sa mga karapatang iyon.

Bilang mga magulang, may karapatan kayo na:

- **Lumahok** nang aktibo sa mga desisyon tungkol sa medikal na pangangalaga ng inyong anak.
- **Umasa** sa isang makatuwirang pagtugon sa anumang makatuwirang kahilingan para sa serbisyo sa loob ng kapasidad ng Children's Health, ang isinaad na misyon nito at ang batas.
- **Alamin** ang mga pangalan ng mga manggagamot, nars at ibang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na nangangalaga sa inyong anak.
- **Mapanatili** ang pagpribado at kumpidensiyal na pagtrato sa lahat ng mga komunikasyon at tala na may kinalaman sa pangangalaga ng inyong anak, sa loob ng mga limitasyon ng batas.
- **Mapagsabihan** ng isang manggagamot, sa mga salita o wika na nauunawaan mo, tungkol sa sakit, gamutan at posibilidad ng paggaling.
- **Tumanggap** ng maraming impormasyon na maaaring kailangan mo upang magbigay o tanggihan ang pahintulot para sa anumang ipinanukalang gamutan.
- **Gumawa** ng mga desisyon, sa pakikipagkonsulta sa doktor ng inyong anak, tungkol sa pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak. Kasama dito ang karapatang tanggapin o tanggihan ang medikal na pangangalaga para sa inyong anak tulad ng pinapahintulutan ng batas at mapagsabihan ng mga medikal na kahihinatnan ng gayong pagtanggap.
- **Kumpletuhin** ang isang maagang direktiba (halimbawa, isang "buhay na kalooban") para sa inyong anak tulad ng pinapahintulutan ng batas at asahan ang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng inyong anak na sumunod sa anumang gayong direktiba.
- **Asahan** ang angkop na pangangasiwa ng kirot ng inyong anak.
- **Lumahok** sa mga etikal na usapin tungkol sa pangangalaga ng inyong anak.
- **Gamitin** ang telepono upang tumawag o tumanggap ng mga tawag at malaman na anumang mga paghihigpit dahil sa mga medikal na kadahilanan ay tatalakayin sa inyo.

- **Iakses** ang mga medikal na tala ng inyong anak sa loob ng isang makatuwirang yugto ng panahon.
- **Ipaalam** sa isang miyembro ng pamilya o kinatawan na kagustuhan ninyo at manggagamot ng inyong anak sa admisyon ng inyong anak.
- **Gamutin** ang inyong anak nang maginhawa at may dignidad kung ang inyong anak ay naghihingalo. Kasama dito ang pangangasiwa sa kirot ng inyong anak, paggamot sa mga sintomas na tumutugon sa gamutan at pagkilala sa mga pangangailangang kultural, espirituwal at dalamhati ninyo, ng inyong anak at inyong pamilya.
- **Tumanggap** ng pangangalaga na libre sa panliligalig o pang-aabuso mula sa sinuman.
- **Mapalaya** ang inyong anak mula sa mga pisikal o medikal na hadlang na hindi medikal na kailangan.
- **Mapalaya** ang inyong anak mula sa sagabal o pagbubukod para sa pangangasiwa ng pag-uugali malibang ito isang situwasyong pangkagipitan.
- **Tumanggap** ng pangangalaga sa isang ligtas na kapaligiran.
- **Magamot** nang may konsiderasyon at paggalang nang walang kinalaman sa lahi, kulay, pambansang pinagmulan, kasarian, relihiyon, pagkakakilanlang pangkasarian, seksuwal na oryentasyon, kapansanan, o pinanggalingang kultural, ekonomiko o edukasyonal.
- **Tumanggi** na lumahok sa anumang proyekto ng pananaliksik na nakaaapekto sa pangangalaga at gamutan ng inyong anak.
- **Malaya** na maghain ng reklamo at tumanggap ng puna.
- **Matulungan** sa pagkontak sa mga serbisyo na nagbibigay ng proteksiyon kapag kailangan

Bilang mga pasyente, may karapatan kayo na:

- **Mapagsabihan** kung anuman ang kailangan upang maunawaan kung bakit kayo nandirito.
- **Mapagsabihan** kung ano ang eksaktong gagawin at kung ano ang eksaktong mararamdaman.
- **Mabigyan** ng mga mauunawaang kasagutan sa anumang mga katanungan o pag-aalala na mayroon kayo tungkol sa gamutan.
- **Sabihan** ang lahat kung ano ang palagay at nararamdaman ninyo tungkol sa inyong gamutan at kung ano ang pinlano para sa inyo.
- **Malaman** na kapag kayo ay nakadarama ng kirot ang mga tao na nangangalaga sa inyo ay makikinig sa inyo at tutulungan kayo na guminhawa ang pakiramdam ninyo.
- **Magkaroon** ng mga oras at lugar upang maglaro at matuto.

- **Mapagsabihan** ng mga tao na kailangang hawakan kayo ng kung ano ang eksaktong gagawin nila at na gagawin nila ito sa banayad at pribadong paraan.
- **Kasama** ang inyong pamilya hangga't gusto ninyo, kahit kailan posible.
- **Matulungan** upang malaman kung paano alagaan ang inyong sarili kapag umuwi na kayo.
- **Magalit**, umiyak o sabihin kung anuman ang hindi ninyo gusto na nangyayari sa inyo.
- **Tumanggap** ng mga bisita na itinalaga ng magulang. Maaaring bawiin o itanggi ng magulang ang pagtatalagang ito sa anumang oras.

Bilang mga pasyente at magulang, may reponsibilidad kayo na:

- **Magtanong** kapag hindi ninyo nauunawaan kung ano ang sinabi sa inyo tungkol sa pangangalaga.
- **Magbigay** ng tumpak at kumpletong impormasyon tungkol sa mga usapin na may kaugnayan sa kalusugan ng pasyente.
- **Sundin** ang plano ng gamutan na pinagkasunduan ninyo at inyong koponan ng pangangalagang pangkalusugan.
- **Kausapin** ang inyong doktor kung ano aasahan ninyo na may kalamayan sa kirot at pangangasiwa ng kirot.
- **Maging may konsiderasyon** sa mga ibang pasyente.
- **Sundin** ang mga tuntunin at regulasyon ng ospital.
- **Iulatt** ang mga nakitang peligro sa pangangalaga at mga di inaaasahang pagbabago sa kondisyon ng pasyente.

Hinihimok namin kayo na makipag-usap sa:

- Nars o manggagamot ng inyong anak.
- Tagapangasiwa o direktor ng pag-aalaga.
- Ang kinatawan sa mga relasyon sa panauhin sa Care Line 214-456-2273.
- Ang superbisor ng pag-aalaga (sa mga oras ng gabi o Sabado at Linggo, tawagan ang 214-456-7000).

Kung pakiramdam mo o ng iyong pamilya na ang iyong mga karapatan bilang isang pasyente ay hindi pinagtibay, may karapatan ka na maghain ng karaingan at tumanggap ng nakasulat na tugon mula sa Komite sa Kalutasan ng Karaingan ng Children's Health o maghain ng karaingan sa isa sa mga ahensiya sa ibaba.

Kung pakiramdam mo ang mga usapin mo ay hindi nilulutas o tinutugunan ng Children's Health, maaari mong kontakin ang:

The Joint Commission Office of Quality and Patient Safety

One Renaissance Boulevard

Oakbrook Terrace, Illinois 60181

patientsafetyreport@jointcommission.org

Health Facility Compliance Group

(MC 1979)

Texas Department of State Health Services

P.O. Box 149347

Austin, Texas 78714

hfc.complaints@dshs.state.tx.us

1-888-973-0022 Complaint Hotline

1-512-834-6653 Fax